



**Ano ang dapat mong malaman tungkol sa pag-aaplay o pag-renew ng iyong Medicaid coverage sa pamamagitan ng NY State of Health kung napawalang bisa ang Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA).**

**1. Ang pagpapawalang bisa ng DACA ay hindi nagbabago ng iyong katayuan sa PRUCOL para sa Medicaid**

Sa ilalim ng Batas ng Estado ng New York, ang mga indibidwal na may katayuan sa DACA at mga may napawalng bisa ng DACA, ay maaaring maging karapat-dapat para sa Medicaid na pinopondohan ng estado sa ilalim ng isang kategorya ng imigrasyon na kilala bilang PRUCOL, na permanenteng naninirahan sa ilalim ng kulay ng batas.

**2. Ano ang kailangan mong gawin upang i-renew ang iyong Medicaid o mag-aplay para sa Medicaid kung ang iyong DACA status ay napawalang bisa**

Tawagan ang Customer Service sa 1-855-355-5777, TTY: 1-800-662-1220 o makipagkita sa isang taong tumutulong sa opisina sa iyong komunidad. Hayaang malaman ng kinatawan o iyong personal na tumutulong na mayroon kang pinanghawakang DACA. Ang iyong kard ng awtorisasyon sa trabaho, kahit nawalang bisa sa panahon, ay tatanggapin bilang patunay ng iyong katayuan.

**3. Maraming tutulong sa iyo sa iba't ibang wika**

Ang mga kinatawan na sumasagot sa aming mga telepono ay nagsasalita ng iba't ibang wika. Kung hindi sila nagsasalita ng iyong wika, makakakuha sila ng isang tagasalin para sa wika mo.

May mga dalubhasa kaming mga kinatawan na tutulong sa iyong komunidad na nagsasalita ng iyong wika. Kung gusto mo, maaari rin silang pumunta kung saan ka nakatira o nagtatrabaho.

**4. Ang impormasyong ibinigay mo sa amin ay hindi namin ibabahagi sa iba**

Ano mang sinabi mo sa NY State of Health at sa mga kinatawan nito ay pribado.

Ang impormasyong ibinigay mo sa amin upang magpatala sa isang planong pangkalusugan ay hindi ibabahagi sa kahit sino man at hindi ito gagamitin para sa anumang iba pang layunin.

Tungkol sa NY Estado ng Kalusugan

Binuksan ng New York ang planong pangkalusugan nito sa Marketplace, NY State of Health, noong Oktubre 2013. Ang Marketplace ay may isang lugar na pamilihan na nagbibigay ng mataas na kalidad at mga komprehensibong planong pangkalusugan. Ang NY Estado ng Kalusugan ay ang tanging lugar kung

saan ang mga mamimili ay maaaring maging karapat-dapat makakuha ng tulong sa pagbabayad para sa nasasakupang mga premium na may diskwento o mga kredito sa buwis. Ang mga karapat-dapat na New Yorkers ay maaari ring magpatala sa Medicaid, Child Health Plus at ang Essential Plan sa pamamagitan ng Marketplace sa buong taon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa NY State of Health Marketplace, mangyaring bisitahin ang: <https://nystateofhealth.ny.gov> o tumawag sa Customer Service sa 1-855-355-5777, TTY: 1-800-662-1220 o maghanap ng isang kinatawan para mapatala.

**01/18**